
THE HIDDEN WORDS



FILIPINO

THE HIDDEN WORDS (Filipino)

ANG NATATAGONG MGA SALITA

Copyright © National Spiritual Assembly
of the Bahá'ís of Phillipines
All rights reserved

Printed with permission by
Bahá'í Distribution Service of Australia

1st Edition, March 2022
Version 1.2.

NILALAMAN

Unang Bahagi

Mula sa Arabe 4

Ikalawang Bahagi

Mula sa Persiyano 32

UNANG BAHAGI

MULA SA ARABE

SIYA ANG LUWALHATI NG MGA LUWALHATI

Ito iyong bumaba mula sa kaharian ng luwalhati, sinalita ng dila ng kapangyarihan at lakas, at inihayag sa mga Propeta ng unang panahon. Kinuha Namin ang buod niyon at binihisan ng damit ng kaiklian, bilang isang tanda ng biyaya sa mga makatarungan, upang sila sana'y manatiling matapat sa Kasunduan ng Diyos, tuparin sana sa kanilang mga pamumuhay ang Kaniyang tiwala, at sa larangan ng espiritu ay makamit ang hiyas ng Banal na kapurihan.

1 O ANAK NG ESPIRITU!
Ang una Kong payo ay ito: Mag-angkin ng isang wagas, mabait at maningning na puso, nang mapasaiyo ang isang matandang Kapangyarhan,

walang-pagkasira at walang-hanggan.

2 O ANAK NG ESPIRITU!
Ang lalong mahal sa lahat ng mga bagay sa Aking paningin ay ang Katarungan; huwag talikuran iyon kung hinahangad mo Ako, at huwag pabayaan iyon upang Ako'y magtapat sa iyo. Sa pamamagitan ng tulong niyon ay makakikita ka ayon sa iyong sariling mga mata at hindi sa pamamagitan ng mga mata ng iba, makababatid ka ayon sa iyong sariling kaalaman at hindi sa pamamagitan ng kaalaman ng iyong kapitbahay. Nilay-nilayin mo ito sa iyong puso; kung papaano ka dapat maging. Sa katunayan, ang katarungan ay siya Kong handog sa iyo at siyang tanda ng Aking masintahing kagandahang-loob. Ilagay mo iyon kung gayon sa harap ng iyong mga mata.

3 O ANAK NG TAO!
Nalalambungan sa Aking mula't sapul na pagiral at sa matandang kawalang-hanggan ng Aking diwa, batid Ko ang Aking pag-ibig sa iyo; dahil doon ika'y nilikha Ko, iniukit sa iyo ang Aking larawan at inihayag sa iyo ang Aking kagandahan.

4 O ANAK NG TAO!
Inibig Ko ang paglikha sa iyo, kaya ika'y nilikha Ko. Kung gayon, pakaibigin mo Ako, nang sa ganiyan ay banggitin Ko ang iyong pangalan at puspusin ang iyong kaluluwa ng espiritu ng buhay.

5 O ANAK NG KATAUHAN!
Ibigin mo Ako, nang ika'y maibig Ko. Kung hindi mo Ako iibigin, ang pag-ibig Ko'y walang-paraang makaabot sa iyo. Unawain mo ito, O tagapaglingkod.

6 O ANAK NG KATAUHAN!
Ang iyong Paraiso ay ang Aking pag-ibig; ang iyong makalangit na tahanan, ang muling pagsama sa Akin. Pumasok ka roon at huwag kang bumalam. Iyan ang siyang nakatalaga sa iyo sa Aming kaharian sa kaitaasan at Aming maluwalhating nasasakupan.

7 O ANAK NG TAO!
Kung iniibig mo Ako, talikuran ang iyong sarili; at kung hinahanap mong masiyahan Ako sa iyo, huwag isaalang-alang ang iyong sariling kasiyahan; nang sa ganiyan ay mamatay ka sa Akin at Ako nama'y mabuhay sa iyo nang walang-hanggan.

8 O ANAK NG ESPIRITU!
Walang kapayapaan para sa iyo kundi ang itakwil ang iyong sarili at ang bumaling sa Akin; sapagkat nararapat sa iyo na magpakaluwalhati sa Aking pangalan, hindi ang sa iyo; ang ilagay sa Akin ang iyong pagtitiwala at hindi sa iyong sarili, dahil sa ang hangad Ko'y tanging Ako lamang ang ibigin at labis sa lahat ng naririto.

9 O ANAK NG KATAUHAN!
Ang pag-ibig Ko ay ang Aking kuta; siyang pumasok doon ay ligtas at tiwasay, at siyang tumalikod doon ay tiyak na maliligaw at mapupuksa.

10 O ANAK NG PAGPAPAHAYAG!
Ikaw ang Aking kuta; pumasok ka roon at nang ika'y manatili sa kaligtasan. Ang Aking pag-ibig ay nasa iyo, unawain mo iyon, nang makita mo Akong malapit sa iyo.

11 O ANAK NG KATAUHAN!
Ikaw ang Aking ilawan at ang Aking liwanag ay nasa iyo. Kunin mo roon ang iyong luningning at huwag humanap ng iba pa sa Akin. Sapagkat ika'y nilikha Kong mayaman at masaganang ibinuhos Ko sa iyo ang Aking paglingap.

12 O ANAK NG KATAUHAN!
Sa pamamagitan ng mga kamay ng kapangyarihan ika'y ginawa Ko at sa pamamagitan ng mga daliri ng lakas ika'y nilikha Ko; at sa loob mo'y inilagay Ko ang diwa ng Aking liwanag. Ikasiya mo iyon at huwag nang humanap pa ng iba, sapagkat ang gawa Ko'y walang-pagkakamali at ang Aking utos ay tungkuling isagawa. Huwag na itong tutulan, ni huwag iyon pag-alinlanganan.

13 O ANAK NG ESPIRITU!
Ika'y nilikha Kong mayaman, bakit mo ibinaba ang iyong sarili sa karalitaan? Ika'y ginawa Kong marangal, ano at pinaginghamak ang iyong sarili? Mula sa diwa ng kaalaman ika'y binigyan Ko ng buhay, bakit humahanap ka ng kaliwanagan sa iba bukod sa Akin? Mula sa luad ng pag-ibig ay hinubog Ko ikaw, paano at nag-aabala ng iyong sarili sa iba? Ituon ang iyong paningin sa iyong sarili, nang makita mong Ako'y nakatindig sa loob mo, malakas, makapangyarihan at nabubuhay sa sarili.

14 O ANAK NG TAO!
Ikaw ang Aking nasasakupan at ang Aking nasasakupan ay hindi mapupuksa, dahil doon ay ano at pinangangambahan mo ang iyong pagkapuksa? Ikaw ang Aking liwanag at ang Aking liwanag ay hindi kailanman mamamatay, bakit at katatakutan mo ang iyong paglalaho? Ikaw ang Aking luwalhati at ang Aking luwalhati ay hindi lalabo; ikaw ang Aking damit at ang Aking damit ay hindi kailanman maluluma. Manatili kung gayon sa iyong pag-ibig sa Akin, nang matagpuan mo Ako sa kaharian ng luwalhati.

15 O ANAK NG PAGPAPAHAYAG!
Ipihit ang iyong mukha sa Akin at talikuran ang lahat liban sa Akin; sapagkat ang Aking kapangyarihan ay mananatili at ang Aking nasasakupan ay hindi mapupuksa. Kung ika'y hahanap ng iba pa kaysa sa Akin, oo, kung sasaliksikin mo man ang sandaigdigan nang habang panahon, ang iyong paghahanap ay mabibigo.

16 O ANAK NG LIWANAG!
Limutin ang lahat liban sa Akin at makipag-ugnayan sa Aking espiritu. Ito'y siyang diwa ng Aking utos, samakatwid ay bumaling dito.

17 O ANAK NG TAO!
Masiyahan ka sa Akin at huwag humanap ng iba pang katulong. Sapagkat walang iba liban sa Akin ang makasisiya sa iyo.

18 O ANAK NG ESPIRITU!
Huwag mong hingiin sa Akin yaong hindi Namin nais para sa iyo, anupa't masiyahan sa anumang Aming itinalaga para sa iyong kapakanan, sapagkat ito yaong kapaki-pakinabang sa iyo, kung doo'y pasisiyahin mo ang iyong sarili.

19 O ANAK NG KAHANGA-HANGANG PANGITAIN!
Ihininga Ko sa loob mo ang isang hinga ng sarili Kong Espiritu, nang sa ganiyan ika'y maging kasintahan Ko. Bakit mo Ako iniwan at humanap ng minamahal na iba pa sa Akin?

20 O ANAK NG ESPIRITU!
Ang karapatan Ko sa iyo'y napakalaki, hindi iyon maaaring malimutan. Ang biyaya Ko sa iyo'y masagana, hindi iyon maaaring malambungan. Ang pag-ibig Ko'y gumawa sa iyo ng kaniyang tahanan, hindi iyon maaaring ilihim. Ang liwanag Ko'y hayag sa iyo, hindi iyon maaaring maitago.

21 O ANAK NG TAO!
Sa puno ng maringal na kaluwalhatian ay isinabit Ko para sa iyo ang pinakapiling mga bunga, bakit ka tumalikod at lumayo at nasiyahan na sa hindi kasimbuti? Anupa't balikan ang mga iyon na silang makababuting higit sa iyo sa kaharian sa kaitaasan.

22 O ANAK NG ESPIRITU!
Marangal na nilikha Ko ikaw, gayunman ay pinaging-aba mo ang iyong sarili. Bumangon kung gayon ayon doon sa dahilan ng iyong pagkakalikha.

23 O ANAK NG KATAAS-TAASAN!
Sa kawalang-hanggan ay tinatawag kita, gayunman ang hinahanap mo'y yaong mapupuksa. Ano ang nagbunsod sa iyo na tumalikod at lumayo sa Aming hangarin at humanap ng iyong sariling hangarin?

24 O ANAK NG TAO!
Huwag lumampas sa iyong katakdaan, ni umangkin ng yaong di-nararapat sa iyo. Magpatirapa ka sa harapan ng anyo ng iyong Diyos, ang Panginoon ng lakas at kapangyarihan.

25 O ANAK NG ESPIRITU!
Huwag kang magyabang sa dukha, sapagkat inaakay Ko siya sa kaniyang landasin at minamasdan kita sa iyong kalagayan ng kasamaan at ilalagay kita sa kahihiyan sa habang panahon.

26 O ANAK NG KATAUHAN!
Papaano mong maaaring malimutan ang iyong sariling mga pagkakamali at inaabala ang iyong sarili sa mga pagkakamali ng iba? Sinumang gumawa nito ay isinusumpa Ko.

27 O ANAK NG TAO!
Huwag ihinga ang mga pagkakasala ng iba habang ikaw sa iyong sarili ay isang makasalanan. Kapag iyong lalabagin ang kautusang ito, ika'y isusumpa, at sa bagay na ito Ako'y sumasaksi.

28 O ANAK NG ESPIRITU!
Alamin mong isang katotohanan: Siyang mag-atas sa táong maging makatarungan at sa kaniyang sarili'y gumagawa ng labis na walang-katarungan ay hindi sa Akin, kahit na taglay niya ang Aking pangalan.

29 O ANAK NG KATAUHAN!
Huwag iparatang sa sinumang kaluluwa yaong hindi mo nais na iparatang sa iyo, at huwag sabihin yaong hindi mo ginagawa. Ito ang Aking utos sa iyo, sundin mo ito.

30 O ANAK NG TAO!
Huwag mong pagkaitan ang Aking tagapaglingkod sakaling siya'y hihingi ng anuman sa iyo, sapagkat ang kaniyang mukha ay Aking mukha; anupa't mahiya ka sa harap Ko.

31 O ANAK NG KATAUHAN!
Ihanda ang iyong sarili na magbigay-sulit sa bawat araw bago ka tawagin sa isang pagtutuos; sapagkat ang kamatayan, walang pasabi, ay darating sa iyo at ika'y tatawagin upang magbigay-sulit sa iyong mga ginawa.

32 O ANAK NG KATAAS-TAASAN!
Ginawa Ko ang kamatayan na isang tagapaghatid ng tuwa sa iyo. Sa anong dahilan at ika'y nagdadalamhati? Ginawa Ko ang liwanag na magsabog sa iyo ng kaniyang luningning. Bakit mo nilalambungan ang iyong sarili?

33 O ANAK NG ESPIRITU!
Sa nakalulugod na balita ng liwanag ika'y binabati Ko: magsaya! Sa korte ng kabanalan ika'y tinatawag Ko; manirahan doon upang mabuhay ka sa kapayapaang walang-hanggan.

34 O ANAK NG ESPIRITU!
Ang espiritu ng kabanalan ay nagdadala sa iyo ng nakalulugod na mga balita ng muling pagsasama-sama; dahil dito ay ano at ika'y nagdadalamhati? Ang espiritu ng kapangyarihan ay pinagtitibay ka sa Kaniyang kapakanan; bakit mo pinipindungan ang iyong sarili? Ang liwanag ng Kaniyang anyo'y umaakay sa iyo; papaanong maaaring ika'y maligaw?

35 O ANAK NG TAO!
Huwag magdalamhati liban kung ika'y malayo sa Amin. Huwag magsaya liban kung ika'y napapalapit at nanunumbalik sa Amin.

36 O ANAK NG TAO!
Magsaya sa kagalakan ng iyong puso, nang maging karapat-dapat ka sa pakikipagkita sa Akin at sa pagsalamin ng Aking kagandahan.

37 O ANAK NG TAO!
Huwag hubaran ang iyong sarili ng marikit Kong damit, at huwag hayaang mawala ang iyong bahagi mula sa Aking kahanga-hangang bukal, sapagkat baka ika'y mauhaw sa habang panahon.

38 O ANAK NG KATAUHAN!
Tumalunton sa Aking mga batas bilang pag-ibig sa Akin at pagkaitan ang iyong sarili ng iyong ninanasa kung hinahangad mo ang Aking kasiyahan sa iyo.

39 O ANAK NG TAO!
Huwag pabayaan ang Aking mga utos kung minamahal mo ang Aking kagandahan, at huwag limutin ang Aking mga payo kung nais mong matamo ang Aking kasiyahan sa iyo.

40 O ANAK NG TAO!
Kung maaaring ika'y mabilis na makapaglakbay sa kalawakan ng alangaang at mabagtas ang kalawakan ng langit, gayumpaman, hindi ka makatatagpo ng katiwasayan liban sa pagpapasailalim sa Aming utos at pagkukumbaba sa harap ng Aming Mukha.

41 O ANAK NG TAO!
Dakilain ang Aking kapakanan nang maihayag Ko sa iyo ang mga hiwaga ng Aking kadakilaan at nang makasinag Ako sa iyo ng liwanag ng kawalang-hanggan.

42 O ANAK NG TAO!
Magpakumbaba ka sa harapan Ko, upang Ako'y magiliw na dumalaw sa iyo. Magbangon sa ikatatagumpay ng Aking kapakanan, upang habang nasa ibabaw pa ng lupa ay matamo mo ang tagumpay.

43 O ANAK NG KATAUHAN!
Banggitin mo Ako sa ibabaw ng Aking lupa, upang sa Aking kalangitan ika'y matandaan Ko, at sa gayon ang Aking mga mata at ang iyo ay maaliw.

44 O ANAK NG TRONO!
Ang iyong pandinig ay Aking pandinig, makinig sa pamamagitan niyon. Ang iyong paningin ay Aking paningin, itingin mo iyon, upang sa kaibuturan ng iyong kaluluwa ay mapatotohanan mo ang Aking marangal na kabanalan, at Ako sa sinapupunan ng Aking Sarili ay makapagpatunay sa marangal na kalagayan para sa iyo.

45 O ANAK NG KATAUHAN!
Maghangad ng kamatayan ng isang martir sa Aking landas, nang nasisiyahan sa Aking ikinagagalak at nagpapasalamat sa yaong Aking iniatas, nang gayo'y makapahinga ka sa Aking piling sa silong ng kulandong ng kamahalan sa likuran ng tabernakulo ng kaluwalhatian.

46 O ANAK NG TAO!
Magbulay-bulay at magnilay-nilay. Ang iyo bang nasa ay ang mamatay sa iyong hihigan, o ang magbubo ng dugo ng iyong buhay sa alabok, isang martir sa Aking landas, at sa gayo'y maging pagpapakilala ng Aking utos at tagapagpahayag ng Aking liwanag sa pinakamataas na paraiso? Hatulan mo nang wasto, o tagapaglingkod!

47 O ANAK NG TAO!
Saksi ang Aking kagandahan! Ang kulayan mo ang iyong buhok ng iyong dugo ay higit na dakila sa Aking paningin kaysa sa pagkakalikha ng sanlibutan at ng liwanag ng kapuwa daigdig. Magsumikap kung gayon na matamo ito, o tagapaglingkod!

48 O ANAK NG TAO!
Para sa bawat bagay ay mayroong isang tanda. Ang tanda ng pag-ibig ay katatagan sa ilalim ng Aking kautusan at pagtitiyaga sa ilalim ng Aking mga pagsubok.

49 O ANAK NG TAO!
Ang tunay na mangingibig ay nagnanasa ng mga pahirap kagaya rin ng isang himagsik na humihingi ng kapatawaran at ang makasalanan ng habag.

50 O ANAK NG TAO!
Kung ang kasawiang-palad ay hindi sumapit sa iyo sa Aking landas, paano kang maaaring tumalunton sa mga kilos ng yaong mga nasisiyahan sa Aking kagustuhan? Kung ang mga pagsubok ay hindi magpahirap sa iyo sa iyong pagnanasang makipagkita sa Akin, papaano mo matatamo ang liwanag sa iyong pag-ibig sa Aking kagandahan?

51 O ANAK NG TAO!
Ang Aking matinding pagsubok ay ang Aking awa at tulong, sa labas ito'y apoy at paghihiganti, subalit sa loob ito'y liwanag at pagkahabag. Mabilis mong tunguhin iyon nang ika'y maging isang walang-hanggang liwanag at isang walang-kamatayang espiritu. Ito ang Aking utos sa iyo, mangyaring sundin mo ito.

52 O ANAK NG TAO!
Kung ang kasaganaan ay sumaiyo, huwag kang magsaya, at kung ang pagkaaba ay sumapit sa iyo, huwag kang magdalamhati, sapagkat ang mga ito ay kapuwa lilipas at mawawala.

53 O ANAK NG KATAUHAN!
Kung abutan ka ng karalitaan, huwag kang malungkot; sapagkat sa takdang panahon ay dadalawin ka ng Panginoon ng kayamanan. Huwag katakutan ang pagkaaba, sapagkat ang luwalhati sa isang araw ay sasaiyo.

54 O ANAK NG KATAUHAN!
Kung ang iyong puso ay nagnanais ng kapangyarihang ito na walang-hanggan at walang-pagkasira, at sa matanda at walang-kamatayang buhay na ito, lisanin ang may-kamatayan at panandaliang kapangyarihang ito.

55 O ANAK NG KATAUHAN!
Huwag abalahin ang iyong sarili sa daigdig na ito, sapagkat sa pamamagitan ng apoy Aming sinusubok ang ginto, at sa pamamagitan ng ginto Aming sinusubok ang Aming mga tagapaglingkod.

56 O ANAK NG TAO!
Ika'y nagnanasa ng ginto at ninanais Ko ang iyong kalayaan diyan. Iniisip mong mayaman ang iyong sarili sa pag-aangkin mo nito, at kinikilala Ko ang iyong kayamanan sa iyong banal na kawalan nito. Saksi ang Aking buhay! Ito ang Aking kaalaman, at iyon ang iyong akala; papaanong ang Aking pamamaraan ay makakaugma ng sa iyo?

57 O ANAK NG TAO!
Ipagkaloob ang Aking kayamanan sa Aking mahihirap, upang sa kalangitan ay makakuha ka sa mga nakaimbak na walang-pagkupas na dingal at mga kayamanang di-mapupuksang luwalhati. Ngunit saksi ang Aking buhay! Ang paghahandog mo ng iyong kaluluwa ay isang bagay na higit na maluwalhati kung makakikita ka lamang sa pamamagitan ng Aking paningin.

58 O ANAK NG TAO!
Ang templo ng tao ay siya Kong trono; alisan iyon ng lahat ng mga bagay, nang doon Ako'y mailuklok at doon Ako'y mananahanan.

59 O ANAK NG KATAUHAN!
Ang iyong puso ay ang Aking tahanan; pakabanalin iyon para sa Aking pagpanaog. Ang iyong espiritu ay ang Aking lugar ng pagpapahayag; linisin iyon para sa Aking pagpapakilala.

60 O ANAK NG TAO!
Ilagay ang iyong kamay sa Aking dibdib, upang Ako'y magbangon sa ulunan mo, maningning at makinang.

61 O ANAK NG TAO!
Umakyat ka sa Aking kalangitan, upang matamo mo ang tuwa ng pagsasama-samang muli, at sa kalis ng di-mapupuksang luwalhati ay inumin ang walang-kaparis na alak.

62 O ANAK NG TAO!
Marami nang araw ang nagdaan sa iyo samantalang inaabala mo ang iyong sarili sa iyong mga akala at walang-kabuluhang mga haka. Gaano katagal kang mahihimbing sa iyong hihigan? Ibangon ang iyong ulo mula sa pagkakahimbing, sapagkat ang Araw ay sumikat na sa kataluktukan, nawa'y suminag sa iyo iyon nang may liwanag ng kagandahan.

63 O ANAK NG TAO!
Ang liwanag ay suminag sa iyo mula sa tagpuang-guhit ng sagradong Bundok at ang espiritu ng kapaliwanagan ay huminga na sa Sinai ng iyong puso. Dahil doon ay iligtas ang iyong sarili sa mga lambong ng walang-kabuluhang mga akala at pumasok sa Aking korte, nang ika'y maging karapat-dapat sa walang-hanggang buhay at maging marapat na makipagkita sa Akin. Kung magkagayon na, ang kamatayan ay hindi darating sa iyo, ni ang pagkapagod, o ang pagkagambala.

64 O ANAK NG TAO!
Ang Aking kawalang-hanggan ay Aking likha. Nilikha Ko iyon para sa iyo. Gawin mo iyon na damit ng iyong templo. Ang Aking kaisahan ay ang Aking gawang-kamay; hinubog Ko iyon para sa iyo; damitan niyon ang iyong sarili, nang ikaw sa lahat nang kapanahunan ay maging kahayagan ng Aking walang-hanggang kalagayan.

65 O ANAK NG TAO!
Ang Aking kamahalan ay siya Kong handog sa iyo, at ang Aking kadakilaan ay ang tanda ng Aking habag sa iyo. Yaong nararapat sa Akin ay walang makauunawa, ni maisasaysay ng sinuman. Sa katotohanan, pinangalagaan Ko ito sa Aking natatagong mga kamalig at sa mga kabanyaman ng Aking kautusan, bilang isang tanda ng Aking masintahing kagandahang-loob sa Aking mga tagapaglingkod at ng Aking habag sa Aking mamamayan.

66 O MGA ANAK NG BANAL AT DI-NAKIKITANG DIWA!
Kayo'y hahadlangan sa inyong pangingibig sa Akin at ang mga kaluluwa ay maguguluhan samantalang binabanggit nila Ako. Sapagkat ang mga isipan ay hindi makauunawa sa Akin at ang mga puso ay hindi maaaring lumukob sa Akin.

67 O ANAK NG KAGANDAHAN!
Saksi ang Aking espiritu at saksi ang Aking paglingap! Saksi ang Aking habag at saksi ang Aking kagandahan! Ang lahat ng Aking inihayag sa iyo

sa pamamagitan ng dila ng kapangyarihan, at isinulat para sa iyo sa pamamagitan ng pluma ng lakas, ay naaayon sa iyong kakayahan at pang-unawa, hindi ayon sa Aking kalagayan at sa himig ng Aking tinig.

68 O ANAK NG TAO!
Hindi ba ninyo alam kung bakit Ko nilikha kayong lahat sa iisang alabok, upang walang sinuman sa inyo ang magpapataas ng kaniyang sarili nang higit sa iba. Bulay-bulayin sa lahat nang sandali sa inyong mga puso kung papaano kayong nilikha. Yamang nilikha Namin kayong lahat mula sa iisang sangkap, tungkulin ninyo na maging tulad ng iisang kaluluwa, lumakad sa iisang mga paa, kumain sa iisang bibig at manahan sa iisang lupain, nang mula sa kaibuturan ng inyong katauhan, sa inyong mga gawa at mga kilos, ang mga palatandaan ng kaisahan at ang diwa ng pagkawalay ay mangyaring maipakilala. Ganiyan ang Aking payo sa inyo, O kapulungan ng liwanag! Mangyaring sundin ninyo ang payong ito nang matamo ninyo ang bunga ng kabanalan mula sa puno ng kahanga-hangang luwalhati.

69 O KAYONG MGA ANAK NG ESPIRITU!
Kayo ang Aking kabanyaman, sapagkat sa inyo ay pinagyaman Ko ang mga perlas ng Aking mga hiwaga at ang mga hiyas ng Aking kaalaman. Bantayan ang mga ito sa mga di-kilalang tao na nasa kalagitnaan ng Aking mga tagapaglingkod at sa mga hindi maka-Diyos sa lipon ng Aking mga mamamayan.

70 O ANAK NIYANG NANININDIGAN SA KANIYANG SARILING KATAUHAN SA KAHARIAN NG KANIYANG SARILI!
Alamin mong isinimoy Ko sa iyo ang lahat ng mga halimuyak ng kabanalan, lubos na inihayag sa iyo ang Aking salita, pinasakdal sa pamamagitan mo ang Aking biyaya at ninanasa para sa iyo yaong ninasa Ko para sa Aking Sarili. Kaya nga masiyahan ka sa Aking kagustuhan at magpasalamat sa Akin.

71 O ANAK NG TAO!
Isulat ang lahat na Aming inihayag sa iyo sa pamamagitan ng tinta ng liwanag sa tableta ng iyong espiritu. Kung ito'y wala sa iyong kapangyarihan, gawin mong ang iyong tinta ay maging kadiwa ng iyong puso. Kung ito'y hindi mo magagawa, mangyaring isulat mo sa iyong tintang pula na ibinuhos sa Aking landas. Tunay na higit na matamis ito sa Akin kaysa lahat ng anupamang bagay, upang ang liwanag nito'y manatiling walang-hanggan.

IKALAWANG BAHAGI

MULA SA PERSIYANO

Sa Ngalan ng Panginoon ng Pananalita,
ang Malakas.

1 O KAYONG MGA TÁONG MAY MGA ISIPANG MAKAALAM AT MGA TAINGA UPANG MAKARINIG!

Ang unang panawagan ng Minamahal ay ito: O mahiwagang ruwisenyor! Huwag mamalagi kundi sa halamanang rosas ng espiritu. O tagapaghatid ng Solomon ng pag-ibig! Huwag humanap ng masisilungan liban sa Sheba ng pinakamamahal, at O walang-kamatayang phoenix! Huwag mamugad kundi sa burol ng katapatan. Doon ang iyong tahanan, kung sa mga bagwis ng iyong kaluluwa ay parururok ka sa kaharian ng kawalang-hanggan at sikaping matamo ang iyong layon.

2 O ANAK NG ESPIRITU!

Hinahanap ng ibon ang pugad nito; ang ruwisenyor, ang gayuma ng rosas; samantalang ang mga ibong iyon, ang mga puso ng tao, nasisiyahan sa lumilipas na alabok, ay nangaligaw nang malayo sa kanilang pugad na walang-hanggan, at sa pagkakatuon ng kanilang mga mata sa lusak ng pagpapabaya, sila'y ulila sa kaluwalhatian ng pagkakanaroroon ng kabanalan. Nakapanghihinayang! Nakapagtataka at nakaaawa; dahil lamang sa isang kopang puno, tinalikuran nila

ang umaalong mga karagatan ng pinakamataas, at nanatiling malayo sa pinakamakinang na tagpuang-guhit.

3 O KAIBIGAN!

Sa halamanan ng iyong puso ay huwag kang magtanim ng anuman liban sa rosas ng pag-ibig, at mula sa ruwisenyor ng pagmamahal at pagnanasa ay huwag mong luwagan ang iyong pagkakahawak. Pahalagahan ang pakikisama ng makatarungan at iwasan ang lahat ng pakikipagkapwa sa hindi maka-Diyos.

4 O ANAK NG KATARUNGAN!

Saan maaaring magtungo ang isang mangingibig kundi sa lupain ng kaniyang Minamahal? At sino ang naghahanap na nagtamo ng katiwasayan nang malayo sa ninanasa ng kaniyang puso? Sa tunay na mangingibig ang pagkikitang-muli ay buhay, at ang paghihiwalay ay kamatayan. Ang kaniyang dibdib ay walang pagtitiyaga at ang kaniyang puso ay walang kapayapaan. Ang di-mabilang na buhay ay kaniyang tatalikdan masapit lamang niya kaagad ang kinaroroonan ng kaniyang Minamahal.

5 O ANAK NG ALABOK!
Sa katunayan, sinasabi Ko sa iyo: Sa lahat ng tao ang lalong pinakapabaya ay siya na walang-kabuluhang nakikipagtalo at naghahangad na maitaas ang sarili nang higit sa kaniyang kapatid. Sinasabi Ko, O mga kapatid! Hayaang mga gawa, hindi mga salita, ang sa inyo'y pumalamuti.

6 O ANAK NG DAIGDIG!
Alamin, tunay na tunay, na ang pusong inaaligiran pa rin ng kahit na pinakamunting bakas ng pangingimbulo ay hindi kailanman makatatamo ng Aking walang-hanggang kapangyarihan, ni makalalanghap ng matatamis na lasa ng kabanalang ihinihinga mula sa Aking kaharian ng kabanalan.

7 O ANAK NG PAG-IBIG!
Isang hakbang lamang ang layo mo sa maluwalhating mga tugatog sa kaitaasan at mula sa makalangit na puno ng pag-ibig. Lumakad ka ng isang hakbang at sa susunod ay sumulong sa walang-kamatayang kaharian at pumasok sa pabilyon ng kawalang-hanggan. Pakinggan kung gayon yaong naipahayag na ng panulat ng kaluwalhatian.

8 O ANAK NG KALUWALHATIAN!
Maging mabilis sa landas ng kabanalan, at pumasok sa kalangitan ng pakikipag-isa sa Akin. Linisin ang iyong puso sa pamamagitan ng pampakinang ng espiritu, at magmadaling tumungo sa korte ng Kataas-taasan.

9 O PANANDALIANG ANINO!
Lumakdaw sa mga hamak na yugto ng pag-aalinlangan at magbangon sa dakilang mga tugatog ng katiyakan. Buksan ang mata ng katotohanan, nang iyong mamasdan ang walang-lambong na Kagandahan at ibulalas: Sambahin ang Panginoon, ang pinakamagaling sa lahat ng mga manlilikha!

10 O ANAK NG NASA!
Dinggin mo ito: Hindi kailanman makikilala ng may-kamatayang mata ang walang-hanggang kagandahan, o ang walang-buhay na puso ay masisiyahan kundi lamang sa luoy na bulaklak. Sapagkat ang kapara ay humahanap ng kapara, at nakadarama ng kagalakan sa piling ng kauri nito.

11 O ANAK NG ALABOK!
Ipikit nang mabuti ang iyong mga mata, nang iyong mamasdan ang Aking kagandahan; ipinid ang iyong mga tainga, nang iyong marinig ang malamyos na himig ng Aking tinig; alisin sa iyong sarili ang lahat ng karunungan, nang makabahagi ka sa Aking kaalaman; at pakabanalin ang iyong sarili sa mga kayamanan, nang iyong matamo ang isang walang-hanggang bahagi sa karagatan ng Aking walang-hanggang kayamanan. Ipikit ang iyong mga mata, di-anupa't sa lahat liban sa Aking kagandahan; ipinid ang iyong mga tainga sa lahat liban sa Aking salita; alisin sa iyong sarili ang lahat ng karunungan liban sa kaalaman tungkol sa Akin; upang sa pamamagitan ng isang malinaw na paningin, isang wagas na puso at isang nakikinig na tainga ika'y makapasok sa korte ng Aking kabanalan.

12 O TÁONG MAY DALAWANG PANINGIN!
Ipikit ang isang mata at imulat yaong isa. Ipikit ang isa sa daigdig at sa lahat ng naroroon, at imulat yaong isa sa sinasambang kagandahan ng Minamahal.

13 O MGA ANAK KO!
Nangangamba Ako na salat sa himig ng kalapati ng kalangitan, kayo'y malulugmok muli sa mga lilim ng lubos na kawalan, at hindi man lamang namasdan ang kagandahan ng rosas, ay bumalik kayo sa tubig at luad.

14 O MGA KAIBIGAN!
Huwag talikdan ang walang-kamatayang kagandahan dahil lamang sa isang kagandahang may-kamatayan, at huwag iukol ang inyong mga pagmamahal sa may-kamatayang daigdig na alabok na ito.

15 O ANAK NG ESPIRITU!
Ang panahon ay darating na ang ruwisenyor ng kabanalan ay hindi na maglaladlad ng panloob na mga hiwaga at kayong lahat ay lubos nang hindi makaririnig ng himig at ng tinig na mula sa kaitaasan.

16 O DIWA NG KAPABAYAAN!
Hindi mabilang na mahiwagang dila ang nagkaroon ng pagbigkas sa iisang pananalita, at hindi mabilang na natatagong mga hiwaga ang nahayag sa iisang himig; gayumpaman, sayang, walang taingang makarinig, ni pusong makaunawa.

17 O MGA KASAMA!
Ang mga pintong bumubukas sa Walang-kinaroroonan ay naririyang maluwang at ang tinatahanan ng minamahal ay pinalamutihan ng dugo ng mga nagmamahal, gayumpaman ang lahat liban sa ilan ay nanatiling pinagkaitan ng makalangit na lungsod na ito, at maging sa ilang ito, wala kung hindi isang pinakamaliit na sandakot lamang ang natagpuang may pusong wagas at espiritung banal.

18 O KAYONG MGA NANANAHAN SA PINAKAMATAAS NA PARAISO!
Ipahayag sa mga anak ng katiyakan na sa loob ng mga larangan ng kabanalan, malapit sa makalangit na paraiso, isang bagong halamanan ang lumitaw, at sa palibot nito'y nakapaligid ang mga nananahan ng larangan sa kaitaasan at ang walang-kamatayang mga nananahan sa dinadakilang paraiso. Magsumikap, kung gayong masapit ninyo ang kalagayang iyon, nang inyong maunawaan ang mga hiwaga ng pag-ibig mula sa mga anemone nito at matutuhan ang lihim ng banal at ganap na karunungan mula sa mga bunga nitong walang-hanggan. Aliw ang mga mata nila na nagsipasok at namalagi roon!

19 O MGA KAIBIGAN KO!

Nalimutan na ba ninyo ang tunay at maningning na umagang iyon, nang sa sinasamba at pinagpalang mga paligid niyon ay natitipon kayong lahat sa Aking harapan sa lilim ng punongkahoy ng buhay, na nakatanim sa maluwalhati-sa-lahat na paraiso? Sindak na sindak, kayo'y nakinig samantalang ipinahahayag Ko ang tatlong pinakabanal na katagang ito: O mga kaibigan! Huwag ninyong mabutihin ang inyong sariling kagustuhan kaysa sa Akin, huwag ninyong hangarin kailanman yaong hindi Ko hinangad para sa inyo, at huwag kayong lumapit sa Akin na may taglay na mga pusong walang buhay, puno ng dungis ng makamundong mga hangarin at mga masidhing pagmimithi. Kung inyo lamang pabanalin ang inyong mga kaluluwa, maaalaala ninyo sa oras na ito ang pook na iyon at ang kaligiran niyon, at ang katotohanan ng Aking pahayag ay magiging maliwanag sa inyong lahat.

Sa ikawalo ng pinakabanal na mga talata, sa ikalimang Tableta ng Paraiso, sinabi Niya:

20 O KAYONG NANGAKAHIGANG WARI'Y PATAY SA HIMLAYAN NG KAPABAYAAN!

Nagdaan na ang mga panahon at ang inyong mahahalagang buhay ay halos malapit nang magwakas, subalit, walang isa mang hininga ng kawagasan ang nakasapit sa Aming korte ng kabanalan mula sa inyo. Bagaman nakalubog sa karagatan ng maling paniniwala, ngunit sa pamamagitan ng inyong mga labì, inyong tinatanggap ang siyang tunay na pananampalataya ng Diyos. Siyang kinasusuklaman Ko'y inyong minahal, at ang Aking kaaway ay ginawa ninyong isang kaibigan. Sa kabila niyon ay lumalakad kayo sa Aking daigdig nang nalulugod at nasisiyahan sa sarili, winawalang-bahala ang katotohanang ang Aking daigdig ay nanghihinawa sa inyo at ang lahat ng bagay na naroroon ay umiiwas sa inyo. Kung inyo lamang imumulat ang inyong mga mata, mamabutihin pa ninyo, sa katotohanan ang di-mabilang na mga dalamhati kaysa sa kagalakang ito, at ituturing na ang kamatayan na rin ay higit na mabuti kaysa buhay na ito.

21 O GUMAGALAW NA ANYO NG ALABOK!

Nais Kong makipag-isa sa iyo, subalit ayaw mong magtiwala sa Akin. Ang espada ng iyong paghihimagsik ay pumutol sa puno ng iyong pag-asa. Sa lahat ng panahon Ako'y malapit sa iyo, ngunit ika'y palaging malayo sa Akin. Walang-katapusang luwalhati ang pinili Ko para sa iyo, gayumpaman walang-hanggang kahihiyan ang pinili mo para sa iyong sarili. Samantalang may panahon pa, magbalik, at huwag sayangin ang iyong pagkakataon.

22 O ANAK NG NASA!

Ang mga malawak ang kaalaman at ang mga marurunong sa loob ng mahabang mga taon ay nagsikap at nangabigong matamo ang pagharap sa Maluwalhati sa Lahat; ginugol nila ang kanilang mga buhay sa paghanap sa Kaniya, gayumpama'y hindi nila namasdan ang kagandahan ng Kaniyang anyo. Ikaw na walang-kaunti mang pagsisikap ay natamo ang iyong layunin, at wala nang paghahanap pa ay natagpuan mo ang layon ng iyong hinahanap. Gayunman, sa kabila nito, ika'y nananatiling lubhang nababalot sa lambong ng iyong sarili,

kaya hindi nakita ng iyong mga mata ang kagandahan ng Minamahal, ni hindi nasayaran ng iyong kamay ang laylayan ng Kaniyang damit. Kayong may mga mata, tumingin at mamangha.

23 O MGA NANANAHAN SA LUNGSOD NG PAG-IBIG!

Ang walang-kamatayang kandila ay ginimbal ng matinding bugso ng hangin, at ang kagandahan ng makalangit na Kabataan ay nalambungan sa karimlan ng alabok. Ang puno ng mga hari ng pag-ibig ay pinagkasalahan ng mga tao ng paniniil at ang kalapati ng kabanalan ay nakabilanggo sa mga kuko ng mga kuwago. Ang mga nananahanan sa pabilyon ng luwalhati at ang makalangit na kapulungan ay tumangis at tumaghoy, samantalang kayo'y nakapahingalay sa larangan ng kapabayaan, at itinuring ang inyong mga sarili bilang mga tutoong kaibigan. Anong kapalaluan ang iyong mga likhang isip!

24 O KAYONG MGA HANGAL GAYUMPAMA'Y NATURING ANG MGA MARURUNONG!

Sa anong dahilan at nagdaramit kayo ng tulad ng mga pastol, gayong sa inyong budhi, kayo'y naging mga lobong nagtatangka sa Aking kawan? Kayo'y kagaya rin ng bituin, na sumisikat bago magbukang-liwayway, at iyon, bagaman parang maluningning at makinang, ay nagliligaw sa mga manlalakbay ng Aking lungsod patungo sa mga landas ng kapahamakan.

25 O KAYONG WARI'Y MAKATARUNGAN GAYONG SA BUDHI AY MASAMA!

Kayo'y waring malinaw ngunit mapait na tubig, na sa panlabas na wari'y kristal ang pagkadalisay subalit nang suriin ng banal na Manunuri, isa mang patak ay hindi tinanggap. Tunay, ang silahis ng araw ay sumisinag nang pareho sa alabok at sa salamin, gayumpama'y magkaiba ang mga pagpalos nila kagaya rin ng bituin at ng lupa; hindi, hindi masusukat ang pagkakaiba!

26 O KAIBIGAN KO SA SALITA!

Magbulay-bulay nang sumandali. May narinig ka bang isang kaibigan at isang kaaway na nanatili sa isang puso? Palayasin kung gayon ang di-kilala, nang ang Kaibigan ay makapasok sa Kaniyang tahanan.

27 O ANAK NG ALABOK!

Ang lahat ng nasa langit at lupa ay itinalaga Ko para sa iyo, liban sa puso ng tao na ginawa Kong tirahan ng Aking kagandahan at luwalhati; gayumpama'y ibinigay mo ang Aking tahanan at tirahan sa isang naiiba sa Akin; at tuwinang ang kahayagan ng Aking kabanalan ay humanap ng Kaniyang sariling tahanan, isang di-kilala ang Kaniyang natagpuan doon, at, sapagkat walang matahanan, madaling pumaroon sa santuwaryo ng Minamahal. Sa kabila nito, itinago Ko ang iyong lihim at hindi Ko ninasa ang iyong kahihiyan.

28 O BUOD NG NASA!

Marami sa madaling araw na nilisan Ko ang mga larangan ng Di-kinaroroonan patungo sa iyong tinitirahan, at natagpuan Ko ikaw sa iyong higaan ng kapanatagan, nag-aabala sa mga iba kaysa sa Akin. Sa pagkakagayon, kasimbilis ng siklab ng espiritu, Ako'y bumalik sa mga laragan ng makalangit na luwalhati at hindi Ko ihininga iyon sa Aking mga tahanan sa kaitaasan sa mga karamihan ng mga banal.

29 O ANAK NG KAGANDAHANG-LOOB!

Mula sa mga tira ng kawalang-anuman, sa pamamagitan ng luad ng Aking kautusan, ika'y ginawa Kong lumitaw, at itinalaga para sa iyong pagsasanay ang bawat atomong nasa kalikasan at ang diwa ng lahat ng nilikhang mga bagay. Anupa't bago ka pa lumabas sa sinapupunan ng iyong ina, itinadhana Ko para sa iyo ang dalawang bukal ng kumikislap na gatas, mga matang magtatanod sa iyo, at mga pusong iibig sa iyo. Sakbibi ng Aking masintahing kagandahang-loob, sa lilim ng Aking habag, ika'y inalagaan Ko, at binantayan ka sa pamamagitan ng diwa ng Aking biyaya at paglingap. At ang layunin Ko sa lahat ng ito ay ang matamo mo ang

Aking walang-kamatayang kaharian at maging marapat ka sa Aking di-nakikitang mga kaloob. Datapwat ika'y nananatiling nagpapabaya at nang ganap nang lumaki, iyong pinabayaan ang lahat ng Aking mga kagandahang-loob at ang iyong sarili ay naging abala sa walang-kabuluhang mga hinagap, sa gayong paraan na naging malilimutin kang lubusan, at tinalikuran ang mga pasukan ng Kaibigan, ika'y nananatili sa loob ng mga korte ng Aking kaaway.

30 O TINAKDAANG ALIPIN NG DAIGDIG!

Sa maraming madaling-araw na ang simoy ng Aking masintahing kagandahang-loob ay dumaloy sa iyo at natagpuan kang natutulog nang mahimbing sa himlayan ng kapabayaan. Itinangis kung gayon ang iyong kalagayan, iyon ay nagbalik sa kaniyang pinanggalingan.

31 O ANAK NG KALUPAAN!

Kung nais mong Ako'y sumaiyo, huwag humanap ng iba pa sa Akin; at kung nais mong mamasdan ang Aking kagandahan, ipikit ang iyong mga mata sa daigdig at sa lahat ng nangaroroon; sapagkat ang Aking kagustuhan at ang kagustuhan ng iba pa sa Akin, kagaya rin ng apoy at tubig, ay hindi maaaring manahan nang magkasama sa isang puso.

32 O KINAIBIGANG DI-KILALA!

Ang kandila ng iyong puso ay pinagniningas ng kamay ng Aking kapangyarihan, huwag mong patayin iyon sa pamamagitan ng kasalungat na mga hangarin ng sarili at ng simbuyo ng damdamin. Ang makagagamot sa lahat ng iyong mga sakit ay ang paggunita sa Akin, huwag kalimutan ito. Gawin mong kayamanan ang Aking pag-ibig at pangalagaan ito tulad ng iyong paningin at buhay.

33 O AKING KAPATID!

Makinig sa kalugud-lugod na mga salita ng Aking pinukyutang dila, at inumin ang daloy ng mahiwagang kabanalan mula sa Aking mga labìng nagdudulot ng katamisan. Ihasik ang mga binhi ng Aking banal na dunong sa wagas na lupa ng iyong puso, at diligin ang mga iyon ng tubig ng katiyakan, upang ang mga hasinto ng Aking kaalaman at dunong ay sumibol nang sariwa at lunti sa sagradong lungsod ng iyong puso.

34 O MGA NANANAHAN SA AKING PARAISO!

Sa tulong ng mga kamay ng masintahing kagandahang-loob ay itinanim Ko sa banal na halamanan ng paraiso ang batang puno ng iyong pag-ibig at pakikipagkaibigan, at dinilig iyon ng butihing ambon ng Aking mahabaging biyaya; ngayon na ang oras ng pamumunga niyon ay dumating, pagpunyagiang iyon ay mapangalagaan, at huwag matupok sa ningas ng pagnanasa at simbuyo ng damdamin.

35 O MGA KAIBIGAN KO!
Patayin ang ilawan ng kamalian, at sindihan sa ubod ng inyong mga puso ang walang-kamatayang sulo ng banal na patnubay. Sapagkat hindi magtatagal ang mga manununuri ng sangkatauhan, sa banal na harapan ng Sinasamba, ay walang tatanggapin kundi ang pinakawagas na kapurihan at ang mga gawang kabanalang walang-anumang bahid.

36 O ANAK NG ALABOK!
Ang marurunong ay yaong hindi nagsisipagsalita hangga't hindi hilingan ng nais makinig, kagaya rin ng isang may taglay ng kopa na hindi nag-aalok hangga't hindi nakatatagpo ng isang naghahanap, at ng mangingibig na hindi sumisigaw nang mula sa kaibuturan ng kaniyang puso hangga't hindi namamalas ang kagandahan ng kaniyang Minamahal. Dahil dito ay ihasik ang mga binhi ng dunong at kaalaman sa wagas na lupa ng puso at panatilihin ang mga ito ay natatago, hanggang ang mga hasinto ng banal na dunong ay sumibol mula sa puso at hindi mula sa lasak at luad.

Sa unang talata ng Tableta ay nakatala at nakasulat, at sa loob ng santuwaryo ng tabernakulo ng Diyos ay natatago:

37 O AKING TAGAPAGLINGKOD!
Huwag iwanan dahil lamang sa isang may pagkasira ang isang walang-kamatayang kapangyarihan, at huwag itapon ang makalangit na kapangyarihan dahil sa isang makamundong hangarin. Ito ang ilog ng walang-hanggang buhay na umagos mula sa pinagmumulang bukal ng panulat ng mahabagin; mabuti para sa kanilang nagsisiinom!

38 O ANAK NG ESPIRITU!
Wasakin ang iyong kulungan, at kagaya ng isang phoenix ng pag-ibig ay pumarurok sa kalangitan ng kabanalan. Talikuran ang iyong sarili at, sakbibi ng espiritu ng pagkahabag, manatili sa larangan ng makalangit na kabanalan.

39 O SUPLING NG ALABOK!
Huwag kang masiyahan sa kapanatagan ng isang nagdaraang araw, at huwag pagkaitan ang sarili ng walang-hanggang katiwasayan. Huwag ipagpalit ang halamanan ng walang-katapusang kagalakan sa sambuntong alabok ng isang may-kamatayang daigdig. Mula sa iyong piitan ay umakyat ka sa maluwalhating mga parang sa kaitaasan, at mula sa iyong may-kamatayang kulungan ay lumipad ka patungo sa paraiso ng Di-kinaroroonan.

40 O AKING TAGAPAGLINGKOD!
Palayain ang sarili sa mga pangaw ng mundong ito, at pakawalan ang iyong kaluluwa mula sa piitan ng sarili. Samantalahin ang iyong pagkakataon, sapagkat iyon ay hindi na darating pang muli sa iyo.

41 O ANAK NG TAGAPAGLINGKOD KONG BABAE!
Kung makikita mo ang walang-kamatayang kapangyarihan, ika'y magsusumikap lumisan sa panandaliang mundong ito. Ngunit ang pagkukubli ng isa sa iyo at ang paghahayag

naman noong isa pa ay isang hiwagang walang sinumang makauunawa kundi ang may pusong wagas.

42 O AKING TAGAPAGLINGKOD!
Linisin ang iyong puso sa masamang hangarin at, hubad sa inggit, pumasok sa maka-Diyos na korte ng kabanalan.

43 O AKING MGA KAIBIGAN!
Lumakad kayo sa mga gawi ng butihing kagalakan ng Kaibigan, at alamin na ang Kaniyang kagalakan ay nasa kagalakan ng Kaniyang mga nilikha. Ang ibig sabihin, walang táong dapat pumasok sa bahay ng kaniyang kaibigan liban sa pahintulot ng naturang kaibigan, ni kuhanin ang kaniyang kayamanan ni hindi unahin ang sariling kalooban kaysa kalooban ng kaniyang kaibigan, at sa anumang kaparaanan ay hindi dapat na magsamantala sa kaniya. Bulay-bulayin ito, ikaw na may panloob na paningin.

44 O KASAMA NG AKING TRONO!

Huwag makinig sa masama, at huwag tumingin sa masama, huwag gawing aba ang iyong sarili, ni magbuntong-hininga o humagulhol. Huwag magsalita ng masama, nang hindi mo marinig na iyon ay sabihin sa iyo, at huwag palakihin ang mga kamalian ng iba, nang ang iyong sariling mga kamalian ay hindi lumitaw na malaki; at huwag hangarin ang pagkaaba ng sinuman, nang ang sarili mong kaabaan ay hindi mabunyag. Anupa't pamuhayan ang mga araw ng iyong buhay, na kaunti pa kaysa isang panandaliang saglit, lakip ang iyong isipang walang bahid, ang iyong pusong walang dungis, ang iyong kaisipang wagas, at ang iyong kalikasang binanal, nang sa gayon, malaya at nasisiyahan, iyong maiwaksi ang may-kamatayang kalagayang ito, at makapasok sa kahanga-hangang paraiso at manatili sa walang-hanggang kaharian magpakailanman.

45 NAKAPANGHIHINAYANG!
NAKAPANGHIHINAYANG!
O MGA MANGINGIBIG NG
MAKAMUNDONG NASA!

Kagaya ng bilis ng kidlat ay nadaanan ninyo ang Minamahal, at iniukol ang inyong mga puso sa hakang makasalanan. Iniluhod ninyo ang tuhod sa paanan ng inyong walang-kabuluhang mga guniguni, at tinawag itong katotohanan. Itinuon ninyo ang inyong mga mata sa tinik, at pinangalanang ito ay isang bulaklak. Wala kayong ihiningang isa mang dalisay na hininga, ni ang simoy ng pagkakawalay ay pumihit mula sa mga parang ng inyong mga puso. Iwinaksi ninyo sa mga hangin ang masintahing mga payo ng Minamahal at pinawi ninyong labis ang mga iyon sa sulatan ng inyong mga puso, at kagaya ng mga hayop sa bukid, kayo'y kumikilos at inilagay ang inyong mga katauhan sa loob ng mga pastulan ng nasa at simbuyo ng damdamin.

46 O MGA KAPATID SA LANDAS!
Sa anong dahilan at pinabayaan ninyo ang pagbanggit ng Minamahal, at kayo'y lumayo sa Kaniyang banal na harapan? Ang diwa ng kagandahan ay nasa loob ng walang-kaparis na pabilyon, nakapatong sa trono ng luwalhati, samantalang kayo'y nag-aabala ng inyong mga sarili sa mga walang-kabuluhang pagtatalo. Ang matatamis na lasa ng kabanalan ay humihinga at ang hininga ng kagandahang-loob ay pinasimoy, gayumpaman, kayong lahat ay malubha ang naging karamdaman at pinagkaitan niyon. Sa aba ninyo at nilang lumalakad sa inyong mga gawi at sumusunod sa inyong mga bakas!

47 O MGA ANAK NG NASA!
Iwaksi ang damit ng kapalaluan, at hubdan ang inyong mga sarili ng kasuutan ng pagmamataas.

Sa ikatlo ng pinakabanal na mga talatang isinulat at itinala sa Tabletang Rubi ng panulat ng di-nakikita ito'y ipinahayag:

48 O MGA KAPATID!
Pahabain ang inyong pasensiya sa isa't isa at huwag iukol ang inyong mga pagmamahal sa mga bagay na nasa ibaba. Huwag ipagmalaki ang inyong mga sarili sa inyong luwalhati, at huwag ikahiya ang pagiging aba. Saksi ang Aking kagandahan! Nilikha Ko ang lahat ng mga bagay mula sa alabok, at sa alabok ay ibabalik Ko silang muli.

49 O ANAK NG ALABOK!
Sabihin sa mayaman ang pagbubuntung-hininga ng mahirap sa hatinggabi, sapagkat baka ang kapabayaan ay umakay sa kanila sa landas ng pagkawasak, at mapagkaitan sila ng Puno ng Kayamanan. Ang magbigay at maging bukaspalad ay mga katangian Ko; makababuti sa kaniyang palamutihan niya ang sarili ng Aking mga kapurihan.

50 O PINAKABUOD NG SIMBUYO NG DAMDAMIN!

Iwaksi ang lahat ng pag-iimbot at humanap ng kasiyahan; sapagkat ang mapag-imbot ay laging pinagkakaitan, at ang nasisiyahan ay minamahal at pinapupurihan.

51 O ANAK NG TAGAPAGLINGKOD KONG BABAE!

Huwag kang maligalig sa karukhaan ni magtiwala sa mga kayamanan, sapagkat ang karukhaan ay sinusundan ng mga kayamanan, at ang mga kayamanan ay sinusundan ng karukhaan. Gayumpaman, ang maging maralita sa lahat ng bagay liban sa Diyos ay isang kahanga-hangang handog, huwag maliitin ang halaga niyon, sapagkat sa huli'y gagawin ka niyong mayaman sa Diyos, at sa gayo'y mababatid mo ang kahulugan ng pahayag, "Sa katotohanan kayo ang mga dukha," at ang banal na mga salita, "Ang Diyos ang may-ari ng lahat," ay magiging kagaya ng tunay na umagang namitak ng maluwalhating kakinangan sa tagpuang-guhit ng puso ng mangingibig, at mananatiling tiwasay sa trono ng kayamanan.

52 O MGA ANAK NG KAPABAYAAN AT MASIMBUYONG DAMDAMIN!

Binayaan ninyong ang Aking kaaway ay makapasok sa Aking bahay at itinaboy ang Aking kaibigan, sapagkat inyong idinambana ang pag-ibig ng iba kaysa sa Akin sa inyong mga puso. Makinig sa mga kasabihan ng Kaibigan at bumaling sa Kaniyang paraiso. Ang mga makamundong kaibigan, naghahangad ng sarili nilang kabutihan, ay lumilitaw na nag-iibigan sa isa't isa, samantalang ang tunay na Kaibigan ay umibig at umiibig sa inyo alang-alang sa inyong mga sarili; sa katunayan, Siya'y nagdusa para sa inyong patnubay ng di-mabilang na mga pagpapahirap. Huwag kayong maging taksil sa ganiyang isang Kaibigan, kung hindi, sa halip ay lumapit agad sa Kaniya. Ganiyan ang bituing-araw ng salita ng katotohanan at katapatan, na sumilay sa kaitaasan ng tagpuang-guhit ng panulat ng Panginoon ng lahat ng mga pangalan. Buksan ang inyong mga tainga nang marinig ninyo ang salita ng Diyos, ang Tulong sa panganib, ang May-pagkabuhay sa Sarili.

53 O KAYONG NAGMAMAPURI NG INYONG MGA SARILI SA MAY-KAMATAYANG MGA KAYAMANAN!

Alamin ninyo ang katotohanan na ang kayamanan ay isang makapangyarihang hadlang sa pagitan ng naghahanap at ng kaniyang hangarin, ng mangingibig at ng kaniyang minamahal. Ang mayaman liban sa ilan ay hindi kailanman makasasapit sa korte ng Kaniyang kinaroroonan ni makapapasok sa lungsod ng kasiyahan at sa pagsang-ayon ng kalooban. Anupa't mapalad siya na isang mayaman na hindi nahahadlangan ng kaniyang mga kayamanan sa walang-hanggang kaharian, ni pinagkakaitan ng mga iyon ng walang-pagkasirang kaharian. Saksi ang Pinakadakilang Pangalan! Ang dingal ng ganiyang isang táong mayaman ay magpapaningning sa mga nananahan sa kalangitan kagaya ng pagtanglaw ng araw sa mga mamamayan ng kalupaan!

54 O KAYONG MAYAYAMAN SA IBABAW NG LUPA!

Ang dukha sa inyong kalagitnaan ay ang Aking habilin; pangalagaan ninyo ang Aking habilin, at huwag maging abala lamang sa inyong sariling kaginhawahan.

55 O ANAK NG MASIMBUYONG DAMDAMIN!

Linisin ang iyong sarili sa kasamaan ng mga kayamanan at nang may ganap na kapayapaan ay sumugod sa larangan ng karalitaan; nang mula sa matang-tubig ng pagkawalay ay mainom mo ang alak ng buhay na walang kamatayan.

56 O AKING ANAK!

Ang pakikisama ng hindi maka-Diyos ay nagdaragdag sa dalamhati, samantalang ang pakikipagkapwa sa makatarungan ay nag-aalis sa kalawang ng puso. Siyang naghahangad na makapagniig sa Diyos, hayaang dalhin ang kaniyang sarili sa pakikisama ng Kaniyang mga minamahal; at siyang nagnanais makinig sa salita ng Diyos, hayaan siyang makinig sa mga salita ng Kaniyang mga hinirang.

57 O ANAK NG ALABOK!
Mag-ingat! Huwag sumama sa hindi maka-Diyos at huwag makipagkapwa sa kaniya, sapagkat ang gayong pakikisama ay gagawing makaimpiyernong apoy ang luningning ng puso.

58 O ANAK NG TAGAPAGLINGKOD KONG BABAE!
Kung hahangarin mo ang biyaya ng banal na espiritu, makipagkapwa sa makatarungan, sapagkat uminom na siya sa kopa ng buhay na walang-hanggan sa mga kamay ng walang-kamatayang Maytaglay ng Kopa at tulad ng tunay na umaga ay nagpapasigla at nagpapaliwanag sa mga puso ng patay.

59 O MGA PABAYA!
Huwag isiping ang mga lihim ng mga puso ay natatago, hindi, ito'y alamin ninyong tiyak na sa malinaw na mga titik ay nauukit ang mga iyon at hayagang nakikita sa banal na Harapan.

60 O MGA KAIBIGAN!
Tunay na tunay, sinasabi Ko, ang kahit anumang inyong itinatago sa inyong mga puso ay hayag sa Amin at nakikitang tulad ng araw; subalit na ang mga ito'y natatago ay mula sa Aming biyaya at paglingap, at hindi sa ito'y karapat-dapat sa inyo.

61 O ANAK NG TAO!
Isang patak ng hamog galing sa di-maarok na karagatan ng Aking pagkahabag ay iwinisik Ko sa mga mamamayan ng sanlibutan, gayumpaman, nakitang walang sinumang pumapanig sa naturan, sapagkat ang bawat isa ay tumalikod sa makalangit na alak ng pagkakaisa at tumungo sa nakapandidiring mga latak ng karumihan at, nasisiyahan sa may-kamatayang kopa, ay iwinaksi ang kalis ng walang-kamatayang kagandahan. Nakasusuklam iyon na kung saan siya'y nasisiyahan.

62 O ANAK NG ALABOK!

Huwag alisin ang iyong mga mata sa walang-kahambing na alak ng walang-kamatayang Minamahal, at huwag imulat ang mga iyon sa nakapandidiri at may-kamatayang mga latak. Kunin sa mga kamay ng maka-Diyos na Maytaglay ng Kopa ang kalis ng buhay na walang kamatayan, nang ang lahat ng dunong ay maging iyo, at nang iyong marinig ang mahiwagang tinig na tumatawag mula sa kaharian ng di-nakikita. Humiyaw nang malakas ikaw na may-hamak na layunin! Sa anong dahilan at tumalikod ka sa Aking banal at walang-kamatayang alak at tumungo sa tubig na madaling lumipas?

63 O KAYONG MGA MAMAMAYAN NG DAIGDIG!

Pakaalamin na ang isang di-inaasahang kalamidad ay sumusunod sa inyo at na ang matinding pagganti ay naghihintay sa inyo. Huwag isiping ang mga ginawa ninyo ay nangapawi sa Aking paningin. Saksi ang Aking kagandahan! Ang lahat ng inyong ginawa ay inukit ng hayagang mga titik ng Aking pluma sa mga tabletang krisolita.

64 O MGA MAPANG-API SA DAIGDIG!

Iurong ang inyong mga kamay sa paniniil, sapagkat ipinangako Ko sa Aking Sarili na hindi patatawarin ang kawalang-katarungan ng sinumang tao. Ito ang Aking kasunduang di-mawawalan ng bisa na Aking ipinag-utos sa pinangangalagaang tableta at tinatakan iyon ng Aking tatak.

65 O MGA MAPANGHIMAGSIK!

Ang Aking mahabang pagpapasensiya ay nagbigay ng lakas ng loob sa inyo at ang Aking malaon nang pagtitiis ay ginawa kayong maging pabaya, at sa gayo'y sinipa ng espuwelas ang maapoy na kabayo ng silakbo ng damdamin patungo sa mapanganib na mga daang naghahatid sa pagkawasak. Inisip ba ninyong Ako'y pabaya o na Ako'y hindi nakakabatid?

66 O MGA DAYUHAN!
Ang dila ay itinalaga Ko upang bumanggit sa Akin, huwag dungisan iyon ng masamang pagpaparatang. Kung ang apoy ng sarili ay manaig sa inyo, alalahanin ang inyong sariling mga kamalian at huwag ang mga kamalian ng Aking mga nilikha, yayamang ang bawat isa sa inyo ay nakakikilala sa kaniyang sarili nang higit sa pagkilala niya sa mga iba.

67 O MGA ANAK NG GUNIGUNI!
Pakaalaming samantalang ang makinang na bukang-liwayway ay namimitak sa kaitaasan ng tagpuang-guhit ng kabanalang walang maliw, ang makademonyong lihim at mga gawang ginanap sa panglaw ng gabi ay mabubunyag at makikilala sa harap ng mga mamamayan ng sanlibutan.

68 O SUKAL NA DAMONG SUMULPOT SA ALABOK!
Sa anong dahilan at ang marurungis na kamay mong ito ay hindi muna humipo sa iyong sariling kasuutan, at bakit lakip ang iyong pusong nalalahiran ng pagnanasa at masimbuyong

damdamin ay hinahangad mong makapagniig sa Akin at pumasok sa Aking sagradong kaharian? Malayo, malayo ka sa bagay na iyong ninanasa.

69 O MGA ANAK NI ADAN!
Ang banal na mga salita at wagas at butihing mga gawa ay pumapailanlang doon sa langit ng makalangit na luwalhati. Sikaping ang inyong mga gawa ay malinis sa alabok ng inyong sarili at pagkukunwari at makatanggap ng paglingap sa korte ng luwalhati; sapagkat di-magtatagal at ang mga manununri ng sangkatauhan, sa banal na kinaroroonan ng Siyang Sinasamba, ay walang tatanggaping anuman kung hindi ang lubos na mabubuting katangian at mga gawang walang-bahid ang kawagasan. Ito ang bituing-araw ng dunong at ng makalangit na hiwaga na sumikat sa ibabaw ng tagpuang-guhit ng makalangit na kalooban. Pagpalain silang bumabaling doon.

70 O ANAK NG PAGKAMAKAMUNDO!
Nakalulugod ang kaharian ng nilalang, kung ika'y makasasapit doon; maluwalhati ang larangan ng kawalang-hanggan, kapag ika'y makatatawid na sa mundo ng tiyak na pagkamatay; matamis ang banal na lubos na kaligayahan kung ika'y iinom sa kahanga-hangang kalis mula sa kamay ng makalangit na Kabataan. Kung makasasapit ka sa kalagayang ito, ika'y magiging malaya sa pagkawasak at kamatayan, sa pagpapakahirap at pagkakasala.

71 O AKING MGA KAIBIGAN!
Gunitain ninyo ang pinasok ninyong pakikipagkasundo sa Akin doon sa Bundok ng Párán, na nasa loob ng sinasambang kapaligiran ng Zamán. Sinaksihan Ako ng kapulungan sa kaitaasan at ang mga nananahan sa lungsod ng kawalang-hanggan, gayumpaman, ngayo'y wala Akong natatagpuang tapat sa kasunduan. Tiyak na ang pagpapalalo at paghihimagsik ay pinawi ito sa mga puso, sa isang pamaraang walang bakas nito ang naiwan. Gayumpaman, nalalaman Ko man ito, naghintay Ako at hindi Ko inihayag iyon.

72 O AKING TAGAPAGLINGKOD!
Ika'y kagaya ng isang napakahusay na pinasubong espadang nakatago sa karimlan ng kaluban nito at ang halaga nito ay nakukubli sa kaalaman ng sanay na manggagawa. Kung gayo'y lumabas ka mula sa kaluban ng sarili at pagnanasa, nang ang iyong halaga ay mangyaring maging makinang at maipahayag sa lahat sa buong daigdig.

73 O AKING KAIBIGAN!
Ikaw ang bituing-araw ng mga langit ng Aking kabanalan, huwag hayaan na ang kasamaan ng daigdig ay magpalaho sa iyong luningning. Punitin nang ganap ang lambong ng kapabayaan, upang sa likod ng mga ulap ay makalitaw kang maluningning at magayakan mo ang lahat ng mga bagay ng kasuotan ng buhay.

74 O MGA ANAK NG KAPALALUAN!

Dahil sa isang panandaliang kapangyarihan ay nilisan ninyo ang Aking walang-pagkasirang nasasakupan, at pinalamutihan ang iyong mga sarili ng makulay na kasuotan ng daigdig at iyon ay inyong ipinagmayabang. Saksi ang Aking kagandahan! Ang lahat ay Aking titipunin sa ilalim ng iisang kulay ng alabok at papawiin Ko ang lahat ng iba't ibang mga kulay nito liban sa mga iyon na pipiliin Ko sa Aking sarili, at yaon ay paglilinis sa bawat anumang kulay.

75 O MGA ANAK NG KAPABAYAAN!

Huwag iukol ang inyong pagmamahal sa may-kamatayang kapangyarihan at huwag magdiwang doon. Kayo'y kagaya ng walang-ingat na ibong buong tiwalang umaawit sa sanga; hanggang bigla na lamang, ang manghuhuli ng ibong Kamatayan ay ihinagis ito sa lupa, at ang himig, ang anyo at ang kulay ay nawala, walang itinirang bakas. Dahil dito, huwag kayong magwalang-bahala, o tinakdaang mga alipin ng pagnanasa!

76 O ANAK NG TAGAPAGLINGKOD KONG BABAE!

Ang pamatnubay ay lagi nang ibinibigay sa pamamagitan ng mga salita, at ngayon iyon ay ibinibigay sa pamamagitan ng gawa. Ang bawat isa ay dapat magpakita ng mga gawang wagas at banal, sapagkat ang mga salita ay ari-arian ng lahat, samantalang ang mga gawang kagaya ng mga ito ay ari lamang ng Aming mga minamahal. Anupa't sikaping lakip ang puso at kaluluwa na mapatangi ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng inyong mga gawa. Sa ganitong kaparaanan ay pinapayuhan Namin kayo sa banal at makinang na tabletang ito.

77 O ANAK NG KATARUNGAN!

Sa panahon ng kinagabihan ang kagandahan ng walang-kamatayang Nilalang ay lumipat mula sa luntiang taluktok ng katapatan patungo sa Sadratu'l-Muntahá, at nanangis ng isang pagtangis na ang kapulungan sa tugatog at ang mga nananahan sa mga kaharian sa kaitaasan ay nanaghoy sa Kaniyang pamimighati. Sa pangyayaring iyon ay may naitanong, bakit gayon na lamang ang pananangis at pananaghoy? Siya'y tumugon: Ayon sa iniutos,

naghintay Akong umaasa sa ibabaw ng gulod ng katapatan, gayumpaman, ay hindi Ko nalanghap sa kanilang nananahan sa lupa ang halimuyak ng katapatan. At nang tawagang bumalik, nakita Ko, at namasdan! Ilan sa mga kalapati ng kabanalan ang labis na nagdurusa sa pagkakasaklot sa mga kuko ng mga aso sa lupa. Sa pangyayaring iyon ang Dilag ng langit ay dali-daling lumabas nang walang pindong at nagniningning mula sa Kaniyang kahanga-hangang mahiwagang mansiyon at tinanong Niya ang kanilang mga pangalan, at ang lahat ay nasabi liban sa isa. At nang pilitin, ang unang titik niyon ay nabigkas, at sa pagkakagayon, ang mga nananahan sa makalangit na mga silid ay dali-daling nagsilabas mula sa kanilang tirahan ng luwalhati. At nang ang ikalawang titik ay binigkas, sila'y bumagsak, ang bawat isa at ang lahat, sa ibabaw ng alabok. Sa sandaling iyon ay isang tinig ang narinig mula sa kaloob-loobang dambana; "hanggan sa layong iyan at hindi na lalampas pa." Tunay na tunay, Kami'y sumasaksi sa kanilang mga ginawa at ngayo'y ginagawa.

78 O ANAK NG TAGAPAGLINGKOD KONG BABAE!

Inumin mula sa dila ng mahabagin ang daloy ng makalangit na hiwaga, at masdan mula sa pamimitak ng makalangit na pagpapahayag ang walang-lambong na kaluwalhatian ng bituing-araw ng karunungan. Ihasik ang mga binhi ng Aking makalangit na karunungan sa wagas na lupa ng puso, at diligin ang mga iyon ng mga tubig ng katiyakan upang ang mga hasinto ng kaalaman at karunungan ay sumibol nang sariwa at luntian mula sa banal na lungsod ng puso.

79 O ANAK NG NASA!

Gaano katagal kang paiilanlang sa mga larangan ng pagnanasa? Ika'y binigyan Ko ng mga bagwis, upang ika'y makalipad sa mga kaharian ng mahiwagang kabanalan at hindi sa mga purok ng makasatanas na haka. Ang suklay rin ay ibinigay Ko sa iyo, upang maayos mo ang itim na mga bungkos ng Aking buhok, at hindi upang laslasin ang Aking lalamunan.

80 O AKING MGA TAGAPAGLINGKOD!
Kayo ang mga puno ng Aking halamanan; dapat kayong magbigay ng mabuti at kahanga-hangang mga bunga, at nang kayo sa inyong mga sarili at ang mga iba ay makinabang sa mga iyon. Anupa't tungkulin ng bawat isa sa inyo na mag-abala sa mga gawaing-kamay at magkaroon ng mga propesyon, sapagkat sa mga iyan nakasalig ang lihim ng kayamanan, O mga táong maunawain! Sapagkat ang mga kalalabasan ay nasasalalay sa mga pamamaraan, at ang habag ng Diyos ay magiging sapat sa lahat sa inyo. Ang mga punong hindi namumunga ay nauukol at laging mauukol sa apoy.

81 O AKING TAGAPAGLINGKOD!
Ang pinakahamak sa mga tao ay ang mga yaong hindi namumunga rito sa ibabaw ng lupa. Ang mga táong ganiyan ay tunay na tunay na nabibilang sa patay, hindi lamang iyan, mabuti pa ang mga patay sa paningin ng Diyos kaysa ang yaong mga walang ginagawa at walang halagang mga kaluluwa.

82 O AKING TAGAPAGLINGKOD!
Ang pinakamabuti sa mga tao ay ang yaong kumikita ng isang ikabubuhay sa pamamagitan ng kanilang gawain at gumugugol sa kanilang mga sarili at sa kanilang kaanak alang-alang sa pag-ibig sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.

Ang mahiwaga at kahanga-hangang Nobya, na nakatago hanggang sa ngayon sa ilalim ng pindong ng pagsasalita, sa pamamagitan ng habag na Diyos at ng Kaniyang makalangit na paglingap, sa ngayo'y naipahayag na, na tulad din ng maningning na liwanag na isinabog ng kagandahan ng Minamahal. Sumasaksi Ako, 0 mga kaibigan, na ang paglingap ay ganap, ang pagmamatuwid ay naisakatuparan, ang katunayan ay nahayag at ang katibayan ay napatotohanan. Hayaan na ngayo'y makita kung ano ang ibubunyag ng inyong mga pagsisikap sa landas ng pagkawalay. Sa kaparaanang ito ang makalangit na paglingap ay lubos na ipinagkaloob sa inyo at gayundin sa kanila na nasa langit at nasa lupa. Lahat ng papuri ay mapasa-Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.